

Mga Pangunahing Konsepto ng MAST

MAST

Ang MAST ay isang programa para sa mabilis na pagsasalin ng Kasulatan na idinisenyo para maging madaling matutunan at sundan. Ang mga hakbang ay idinisenyo na magkasunod-sunod upang ang mga ito ay maging sundin ng nagsasalin. Kapag sumusunod ang isang tagapagsalin sa mga ito nang buong ingat, ang kalalabasan ay isang salin ng Kasulatan na likas sa wikang pagsasalanan, at iwinasto ng ilang mga tao upang siguraduhin na ipinahahayag nito ang lahat ng ipinahayag ng pinagmulang teksto.

Mga Hakbanging Sinusundan ng MAST

Ang proseso ng MAST ay binubuo ng walong hakbang. Inilalarawan ng unang apat na mga Hakbang ang mga paraan ng pagsasalin. Inilalarawan naman ng huling apat na mga hakbang ang pagsusuri ng mga isinaling teksto.

Mga Paraan ng Pagsasalin

- 1. Pagkonsumo** – Basahin at unawaing mabuti ang mga nakasaad sa pinagmulang teksto (source text). Mas mainam na isang kabanata muna ang babasahin ng tagapagsalin ng Banal na Kasulatan. Para sa nakasulat na pagsasalin, babasahin ng tagapagsalin ang kabanata, at para naman sa pabigkas na pagsasalin, pakikickingan ng tagapagsalin ang kabanata.
- 2. Pagbigkas** - Ipahayag mo kung ano ang naunawaan mo sa isang kasama. Sabihin mo sa iyong kasama ang tungkol sa kabanata. Higit na mainam kung bibigkasin mo ito sa wikang gagamitin mo sa iyong pagsasalin (target language). Hindi kinakailangan ang masusi at detalyadong pagpapaliwanag ng mga bagay na nakasaad sa teksto. Higit sa lahat, ito ay dapat nakatuon sa pagpapahayag ng mga pangunahing kaisipan ng kabanata.
- 3. Pagbabaha-bahagi** - Hatiin ang teksto ng kabanata sa maliliit na bahagi. Ang mga pangungusap sa bawat bahagi ay dapat magkasama-sama dahil sa magkakapareho ang tinatalakay na paksa, tema o daloy ng kaisipan. Ang bahaging ito ay higit na malaki kaysa sa pangungusap o mga talata, kadalasan, dalawa, tatlo o apat na talata sa bawat bahagi. Kung ikaw ay nagsasalin gamit ang translationStudio mula sa “ULB” at “UDB” na mga teksto, hindi mo na kailangang gawin ang hakbang na ito dahil ang pagbabaha-bahagi ay ginawa na para sa iyo. Ngunit kung nais mong gumawa ng ibang pagbabaha-bahagi na hindi tulad ng ginawa sa mga tekstong ULB at UDB, maaari mo ring gawin ito.
- 4. Pagsasantabi ng pinagmulang teksto habang ginagawa ang paunang salin** - Isantabi ang pinagmulang teksto at isalin ang mga nabahaging teksto sa abot ng iyong makakaya nang hindi tumitingin sa pinagmulang teksto. Isulat mo ang lahat nang naaalala mo patungkol sa bahaging iyon. Huwag titingnan ang pinagmulang teksto ng bahaging ito hanggang sa hindi inuumpisahan ang hakbang ng pagwawasto ng tekstong isinalin. Gawin din ang hakbang na ito sa iba pang mga bahagi ng kabanata bago magpatuloy sa hakbang para sa pagsusuri ng mga isinalin.

Mga Hakbang para sa Pagsusuri ng mga isinaling Teksto

- 5. Pagwawasto ng sariling pagsasalin** - Maaari nang suriin ng tagapagsalin ang bagong salin na bahagi ng mga kasulatan at ikumpara ito sa pinagmulang teksto. Sa hakbang na ito, maaaring isaayos at iwasto ang anumang mga ginawang pagkakamali. Ang pangunahing katanungan na dapat isaalang-alang dito ay, “Anong mga kaisipan ang nakaligtaan ko?” Anuman ang mga nakaligtaan sa pagsasalin ay maaaring idagdag sa bahagi kung saan ito ay magiging higit na natural o likas sa wikang ginagamit sa pagsasalin.

6. Pagwawasto ng kasama sa Isinalin - Kapag natapos na ang tagapagsalin sa pagwawasto niya ng buong kabanata, kinakailangan itong makipagpalit sa isang kapwa niya tagapagsalin na nagsalin naman ng ibang kabanata na nakatapos na rin ng pansariling pagwawasto. Susuriin ng mga tagapagsalin ang mga kabanatang isinalin ng kanilang kasama na may layuning hanapin ang tila hindi natural gayun din naman ang anumang tila hindi tama. Kung mayroong makitang problema, kailangang markahan nila ito at pag-usapan at isaayos ng magkasama.

7. Pagsusuri ng mga pangunahing salita - Kailangang suriin ng facilitator, na tumutulong sa tagapagsalin sa paggawa ng pagsasalin, ang lahat ng mga pangunahing salita ng bagong saling kabanata. Ito ay binubuo ng dalawang hakbang:

- A. Kailangang tanungin ng facilitator kung makikita sa bagong saling kasulatan ang mga pangunahing salita. Ngunit kung ang mga ito ay wala, kinakailangang idagdag ang mga ito o maaaring may magandang dahilan kung bakit hindi ito isinama o ginamit sa pagsasalin. Maaaring isinalin ang kahulugan ng mga pangunahing salita na kung saan ay gumamit na ang tagapagsalin ng ibang salita.
- B. Kinakailangang hingin ng facilitator mula sa tagapagsalin ang kahulugan ng bawat pangunahing salita ayon sa teksto, dapat itong ihambing sa listahan ng mga binuong kahulugan ng mga pangunahing salita na naaayon sa kontekstong ito. Kailangang magtugma ang mga kahulugan nito. Kung hindi ito magkatugma, kailangang pag-usapan ng grupo kung anong salita ang pinakamainam na gamitin para sa kontekstong ito.

8. Pagsusuri ng mga bersikulo - Kailangang suriin ng facilitator ang bawat talata ng bagong saling kabanata at ihambing ito sa pinagmulang teksto upang tiyakin na tama ang pagkakapahayag ng mga mensahe nito tulad ng sa pinagmulang teksto. Dapat din itong gawin upang makita ng facilitator, kasama ng tagapagsalin, kung natural ang daloy ng kaisipan nito sa wika na kung saan ito ay isasalin.